# Pagrerepaso sa mga Grupong Tirahan Pagkatapos ng 2020 Senso



Ang Pagrerepaso sa mga Grupong Tirahan Pagkatapos ng 2020 Senso (PCGQR, ayon sa akronimang Ingles) ay nagbibigay ng mekanismo para sa mga yunit na panggobyerno sa Estados Unidos at Puerto Rico na humiling na repasuhin ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ang bilang ng kanilang populasyon ng mga grupong tirahan na pinaniniwalaan nilang hindi binilang nang tama noong Abril 1, 2020.

Kung may natagpuang mga pagkakaiba ang proseso ng pagrerepaso sa mga bilang ng populasyon na ito na sinusuportahan ng sapat na dokumentasyon, ang mga inaprubahang rebisyon sa populasyon ng mga grupong tirahan ay ibibigay sa Programa ng mga Tantiya ng Populasyon. Isasama ang mga update na ito sa susunod na base ng populasyon na pinahihintulutan ng iskedyul ng produksyon. Ang mga tantiya ng populasyon na binuo mula sa base ng populasyon ay gagamitin din ng Pagsisiyasat ng Komunidad ng Amerikano at Pagsisiyasat ng Komunidad ng Puerto Rico bilang mga kontrol ng survey upang kumumporme ang mga kabuuan ng populasyon sa mga ini-update na tantiya ng populasyon. Kabilang sa mga yunit na panggobyerno ang mga pantribo, pang-estado at lokal na opisyal o kanilang mga itinalagang kinatawan.

Mangyaring tandaan na ang 2020 PCGQR ay hindi nangangahulugang muling pagbilang ng 2020 Senso. Halimbawa, wala sa alinman sa mga produkto at bilang ng 2020 Senso na inihatid sa Pangulo para sa pagbabahagi, ni sa Pampublikong Batas ng 2020 Senso 94-171 na mga File ng Data sa Muling Pag-distrito at Pangheograpiyang Produkto ang ia-update bilang resulta ng 2020 PCGQR.

Ang grupong tirahan ay isang lugar kung saan naninirahan o namamalagi sa kaayusang paninirahan na panggrupo na pagmamay-ari o pinamamahalaan ng isang entidad o organisasyong nagbibigay ng pabahay at/o mga serbisyo para sa mga residente. Maaaring maging kabilang sa mga serbisyong ito ang kustodyal o medikal na pangangalaga, pati na rin ang iba pang mga uri ng tulong, at paninirahan na karaniwang may restriksyon sa mga tumatanggap ng mga serbisyong ito. Hindi ito isang karaniwang uri ng kaayusang paninirahan pangsambahayan (mga magkakasama sa tirahan). Ang mga taong naninirahan sa grupong tirahan ay karaniwang hindi magkakadugo. Kabilang sa mga grupong tirahan ang mga lugar na gaya ng pabahay sa mga estudyante ng kolehiyo/unibersidad, residensiyal na sentro ng paggamot, pasilidad ng nursing/skilled-nursing, group home, bilangguan, at grupong tirahan ng mga manggagawa, at mga job corps center.

Ang mga yunit na panggobyernong may mga tanong tungkol sa mga bilang ng populasyon ay maaaring gamitin ang proseso ng 2020 PCGQR upang humiling na muling pag-aralan ang bilang ng populasyon sa mga grupong tirahan na umiral at mapupuntahan para magpatira noong Abril 1, 2020, at naaayon sa mga Pamantayan ng Paninirahan sa 2020 Senso at mga Sitwasyon ng Paninirahan at karagdagang gabay na ipinagkakaloob ng Kawanihan ng Senso dahil sa pandemyang COVID-19.

United States® Census Bureau

**U.S. Department of Commerce**
U.S. CENSUS BUREAU
*census.gov*

**Maaari bang baguhin ng 2020 PCGQR ang data ng muling pag-distrito, mga resulta ng pagbabahagi, o iba pang mga produkto ng data sa 2020 Senso?**

- Hindi mababago ng 2020 PCGQR ang opisyal na data ng 2020 Senso at mga produkto ng data.
- Hindi naaapektuhan o nababago ng 2020 PCGQR ang pangkalahatang populasyon sa bilang ng pagbabahagi ng isang estado o bilang ng mga puwesto sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S.

**Paano ibibigay at gagamitin ang mga pagtatama sa 2020 PCGQR?**

- Kung gagawa ng mga update ang Kawanihan ng Senso, ibibigay ang mga update sa Programa ng mga Tantiya ng Populasyon para maisama sa susunod na base ng populasyon na pinahihintulutan ng iskedyul ng produksyon. Ang mga update sa kabuuan ng populasyon ng grupong tirahan ay sasalamin sa mga tantiya ng populasyon na binuo mula sa baseng ito.
- Ang mga tantiya ng populasyon na binuo mula sa base ng populasyon ay gagamitin din ng Pagsisiyasat ng Komunidad ng Amerikano at Pagsisiyasat ng Komunidad ng Puerto Rico bilang mga kontrol ng survey upang kumumporme ang mga kabuuan ng populasyon sa mga ini-update na tantiya ng populasyon.

**Sino ang maaaring magsumite ng kahilingan ng pagsusuri sa pamamagitan ng operasyong ito?**

- Ang mga kahilingan sa 2020 PCGQR ay maaari lamang isumite ng mga opisyal na inihalal o hinirang sa pinakamataas na posisyon (o kinatawan ng mga ito) ng mga pederal na kinikilalang Amerikanong Indian na tribo, estado, county, incorporated na lugar, aktibong gumaganang maliit na sibil na dibisyon, munisipalidad sa Puerto Rico, Panrehiyong Korporasyon ng Katutubong Alaska, at lugar na pang-estadistika sa Nayon ng Katutubong Alaska.

**Maglalathala ba ang Kawanihan ng Senso ng listahan ng mga inihaing kahilingan sa 2020 PCGQR sa website ng 2020 Senso?**

- Sa pagtatapos ng gawain ng Kawanihan ng Senso sa mga kaso, ilalathala nito ang mga ini-update na listahan ng mga kahilingan sa <www.census.gov/programs-surveys/decennial-census/decade/2020/planning-management/evaluate/pcgqr.html> na karaniwang sa loob ng 90 araw ng pagtanggap ng mga tanong. Bilang pagsunod sa Titulo 13, hindi maisisiwalat ng Kawanihan ng Senso ang mga partikular na detalye tungkol sa mga kahilingan.
- Tutugon ang Kawanihan ng Senso sa lahat ng kahilingan sa kaso ng 2020 PCGQR na natanggap, kahit na hindi saklaw ang kahilingan.

**Ano ang iskedyul para sa operasyong 2020 PCGQR?**

- Sa Mayo 2022, aabisuhan ng Kawanihan ng Senso ang 40,000 pantribo, pang-estado, at lokal na gobyerno sa Estados Unidos ng tungkol sa operasyong 2020 PCGQR at magbibigay ito ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano lumahok.
- Sisimulan ng Kawanihan ng Senso ang pagtanggap ng mga kaso ng 2020 PCGQR sa Hunyo 6, 2022. Ang deadline para sa pagsusumite ng kaso ay sa Hunyo 30, 2023.
- Paunti-unti nang ibibigay ng Kawanihan ng Senso ang mga resulta hanggang Setyembre 30, 2023. Ang mga resulta ay ibibigay sa opisyal na inihalal o hinirang sa pinakamataas na posisyon ng lahat ng apektadong gobyerno.
- Matatagpuan ang ini-update na impormasyon sa <www.census.gov/programs-surveys/decennial-census/decade/2020/planning-management/evaluate/pcgqr.html>.